Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Unang Markahan - Linggo 6 Modyul 20: Panghalip na Panao



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 20: Panghalip na Panao
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang–sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jean A. Manuel |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagalapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| **Chairperson:** | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| **Co-Chairperson:** | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| **Mga Kasapi:** | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS-Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS-LRMS<br>Loan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan- Linngo 6 Modyul 20: Panghalip na Panao

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa Region 10@Deped.Gov.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Ang modyul na ito*


Ang modyul na ito ay inihahandog para sa Ikaapat na Baitang na mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Matututunan mo sa modyul na ito ang tungkol sa pagsasalaysay muli sa napakinggan/nabasa/napanood na teksto gamit ang mga larawan. Maraming mga pagsasanay ang ibinigay para mas lalo mo pang mapahusay ang araling ito.



***Mga Tala para sa Guro***

Ang aralin ay nakasentro kung saan masusukat ang kakayahang umintindi ng mag-aaral. Mainam na sa pagbibigay ng puntos ay maghanda ka ng *rubric* at *criteria* na pagbabasihan mo ng katumbas na puntos ng kanilang mga sagot. Lalung–lalo na sa nga pagsasanay o sitwasyon na nangangailangan ng *logical* na eksplenasyon.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Alamin*

Pagkatapos gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, ang mga bata ay inaasahang mapaunlad ang mga sumusunod na kasanayan:


Layunin:

1. Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip (panao) sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan. (F4WG-If-j-3)

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.



## *Subukin*

**Panuto:** Gawin ang mga sumusunod. Hanapin sa *puzzle* ang mga panghalip na panao. Bilugan ang mga panghalip na panao sa loob ng puzzle.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | I | L | A | O | I | K | I | T | A |
| K | A | M | I | H | S | I | L | A | M |
| A | T | K | S | O | T | N | I | Y | A |
| Y | I | A | A | I | H | U | K | O | T |
| O | N | N | I | N | Y | O | A | P | S |
| A | R | Y | L | A | I | A | W | L | I |
| M | S | A | B | T | N | L | M | A | Y |
| I | K | M | W | I | Y | O | A | K | O |
| N | A | O | I | N | O | S | E | I | M |
| D | W | N | N | I | L | A | M | N | K |

**Gawain B**

Bumuo ng 4 na pangungusap mula sa nahanap na salitang panghalip na panao sa puzzle.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________

**Aralin 1**

# Panghalip na Panao



***Balikan***

Basahin ang talata at salungguhitan ang mga pangalan ng tao.

Isang araw, habang si Carlo ay nag-aaral ng kanyang leksyon ay nakarinig siya ng mga pag-iingay. Sina Kardo at Manny ay buong katuwaang tinutukso si Nonoy na umiiyak. Nasabit pala ang saranggola ni Nonoy sa tuktok ng puno. Dagling bumaba si Carlo upang kunin ang saranggola. Sina Matet at Menchie na nakakita ay napaindak sa tuwa sa ginawang pag-akyat ni Carlo sa puno. Nagpasalamat ang bata kay Carlo.

## ***Tuklasin***

AKO, AKO, AKO ISANG MAG-AARAL
(*Awitin sa tono na " It's Me/You Who Build Community")*
ni Jean A. Manuel

Ako, ako, ako isang mag-aaral (3x)

Ako'y isang mag-aaral.

Ako'y magbasa, magsulat, magbilang (3x)

Para ako'y matuto.

Ikaw, ikaw ikaw isang mag-aaral (3x)

Ikaw isang mag-aaral.

Ikaw magbasa, magsulat, magbilang (3x)

Para ikaw matuto.

Tayo, tayo, tayo'y mga mag-aaral (3x)

Tayo'y mga mag-aaral.

Tayo'y magbasa, magsulat, magbilang (3x)

Para tayo'y matuto.

Sagutin ang mga tanong.

Ano ang nararamdaman mo habang inaawit ito?_______________

Ano-ano ang mga salitang may salungguhit sa awit?____________

Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit? _____________



## *Suriin*

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Suriin ang mga panghalip na may salungguhit.

1. Ikaw ba ang namumuno sa paglilinis ng kalsada?
2. Ako ang pangulo sa aming silid-aralan.
3. Kami ay nagbakasyon sa Manila noong nakaraang taon.
4. Siya ay isang masipag na bata.

Ano-ano ang mga salitang inihahalili sa pangalan ng tao?___________

Ang **panghalip**-**panao** ay inihahalili sa ngalan ng tao.

May **2** kaukulan ang panghalip

1. Ang panghalip sa kaukulang **palagyo** ay ginagamit na simuno o paksa ng pangungusap.

   Halimbawa: *ako, ikaw, siya, tayo, kami, kayo sila*

2. Ang panghalip sa kaukulang **paari** ay panghalip na nagsasaad ng pag-aari ng isang bagay.

   Halimbawa: *akin, ko, iyo, mo, kanya, niya, atin, natin, naming, inyo, ninyo, nila*

| **Kaukulan** | **Panauhan** | **Kailanan** | |
|---|---|---|---|
| | | Isahan | Maramihan |
| **Palagyo** | Unang Panauhan (Taong Nagsasalita) | ako | tayo, kami |
| | Ikalawang Panauhan (Taong Kausap) | ikaw | kayo |
| | Ikatlong Panauhan (Taong Pinag-uusapan) | siya | sila |
| Paari | Unang Panauhan (Taong Nagsasalita) | akin, ko | atin, natin, namin |
| | Ikalawang Panauhan (Taong Kausap) | Iyo, mo | inyo, ninyo |
| | Ikatlong Panauhan (Taong Pinag-uusapan) | kanya, niya | kanila, nila |



## *Pagyamanin*

**Gawain A**

Piliin ang panghalip na panao sa bawat pangungusap.

1. Gusto mo ba ang sapatos na ito?
2. Ayaw ko ng ganyang kulay ng bag.
3. Nagustuhan niya ang relo na ito.
4. Ikaw ba ay sasama sa iyong kapatid sa pagsimba?
5. Oo, sasama ako sa aking pinsan.
6. Sama-sama na tayong pumunta sa parke.
7. Hindi raw nila gustong isama si Minda.
8. Napakalikot niya at baka siya ay mawala.
9. Tayo na sa palengke.
10. Dalhin natin ang malaking basket.

**Gawain B**

Bilugan ang panauhan at kailanan ng panghalip na may salungguhit.

1. Itinupad <u>ko</u> ang lahat ng ipinangako ko sa inyo.

   Panauhan: *una ikalawa ikatlo*

   Kailanan: *isahan maramihan*

2. Nauunawaan <u>nila</u> ang kanilang mga tungkulin sa tahanan.

   Panauhan: *una ikalawa ikatlo*

   Kailanan: *isahan maramihan*

3. Magbibisikleta <u>tayo</u> papunta sa parke sa Sabado.

   Panauhan: *una ikalawa ikatlo*

   Kailanan: *isahan maramihan*

4. Narinig <u>mo</u> ba ang balita tungkol sa mga rebeldeng sumuko?

   Panauhan: *una ikalawa ikatlo*

   Kailanan: *isahan maramihan*

5. Sa <u>inyo</u> ba ang mga laruang nakakalat sa sala?

   Panauhan: *una* *ikalawa* *ikatlo*

   Kailanan: *isahan* *dalawahan* *maramihan*

**Gawain C**

Palitan ng wastong panghalip ang mga salitang nasalungguhitan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ako** | **siya** | **sila** | **kami** | **kayo** |

1. <u>**Si Karla**</u> ay isang matalinong mag-aaral.

   ______________________________-______________.
2. <u>**Ang pangalan ko**</u> ay si Gabriel.

   _____________________________________________.
3. <u>**Sina Nanay at Tatay**</u> ay nagbakasyon sa Luzon.

   _____________________________________________.
4. <u>**Si Bobby at ako**</u> ay maliligo sa ilog.

   _____________________________________________.
5. <u>**Ikaw at si Winnie**</u> ay mag-aaral sa Vintar Integrated School.

   _____________________________________________.
6. <u>**Sina Annie at Aida**</u> ay parehong nagtitinda ng gulay.

   _____________________________________________.
7. <u>**Si Martha**</u> ay may mahabang buhok.

   _____________________________________________.
8. <u>**Si Pepe at ikaw**</u> ay masipag mag-alaga ng kalabaw.

   _____________________________________________.
9. <u>**Sina G. Donato at Gng. Jean**</u> ay mag-asawa.

   _____________________________________________.
10. **Si Marilou** ay malambing magsalita.

    ______________________________________________.

**Gawain D**

Buuin ang usapan sa pamamagitan ng pagpuno ng wastong panghalip na panao sa bawat patlang.

Bing: Magandang umaga sa (1) _____ Denice.

Denice: Magandang umaga rin sa (2) _____ Bing

Bing: Nakapunta ka na ba sa Encantadia?

Denice: Hindi pa. ( 3) _______, nakapunta ka na ba?

Bing: Oo, nakapunta na (4) _____. Kasama ko ang aking mga magulang, sina Kuya Henry at Nene. (5) ______ pa nga ang nagyaya sa akin pagpunta roon.

Bing: Kasama rin ba ang lolo at lola mo?

Denice: Hindi (6) ____ nakasama dahil nagbabakasyon sila sa Quezon.

Bing: Naku sayang naman. Kailan ulit (7) _____ pupunta roon?

Denice: Hindi ko alam eh. Sasabihan kita agad kapag pupunta ulit (8) _____.


## *Isaisip*

Isulat sa kahon ang sagot sa mga tanong na nakasulat sa bawat bilog.

1. Ano ang panghalip na panao?

2. Magbigay ng limang halimbawa ng panghalip na panao.

3. Sumulat ng limang pangungusap gamit ang panghalip na panao.



## ***Isagawa***

Tukuyin ang kailanan at panauhan ng panghalip na panao na may salungguhit.

Para sa **<u>Kailanan</u>**, isulat ang titik

**I**=*isahan*,
**M**=*maramihan*

Para sa **<u>Panauhan</u>**, isulat ang bilang

**1**=*unang panauhan*
**2**=*ikalawang panauhan*
**3**=*ikatlong panauhan*

| Kailanan | Panauhan | |
|---|---|---|
| _____ | _____ | 1. Si Rodel ay isang masipag na manggagawa. **<u>Siya</u>** ay tinutularan ng kanyang mga katrabaho. |
| _____ | _____ | 2. Ako, si Luisa, at si Teresa ay may isang maliit na negosyo. Nagtutulungan **<u>kami</u>** sa pangangasiwa ng aming negosyo. |
| _____ | _____ | 3. Naiwan ni Hilda ang kanyang I.D. Ibigay mo sa **<u>kanya</u>** ito pag-uwi niya galing sa eskuwelahan. |
| _____ | _____ | 4. Mga bata, **<u>kayo</u>** na ang susunod na magtutula. Inaasahan ko na saulo na ninyo ang buong tula. |
| _____ | _____ | 5. Alamin **<u>mo</u>** ang iyong mga karapatan bilang kasambahay. |



## *Tayahin*

Buuin ang diyalogo. Punan ang mga patlang ng ako, ikaw, siya, kami, kayo, sila.

Macky: **1.** _______ay may palabas. Mas gusto ko ang palabas kaysa sa manood ng sine.

Ditas: E, di kung gayon ay maiwan ka na dito sa bahay. **2**.______ na lamang nina Shiela at Manding ang lalakad.

Nida: Naku! **3.**________ ba ang batang sinasabi mo sa akin?

Sonny: OO, hindi ba talagang maganda **4.**_______?

Nancy: Sina Malou at Dina ay magbabakasyon sa Pampanga. Kahapon pa **5.** _______ umalis.

Bertha: **6.**_______ na ni Ate ang lalabas ngayon kung **7**.________ ay maglilinis pa.

Sandra: Maraming salamat sa inyo. **8.**________ ay tunay na mga kaibigan. Hindi **9**.________ nagkamali ng pagkakilala sa inyo.

## *Karagdagang Gawain*

Kompletuhin ang talaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng hinihingi nito. Hanapin ang sagot sa pangungusap sa ibaba.

| Panghalip | Kailanan | Panauhan | Kaukulan |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |

1. Ang liham sa ibabaw ng mesa ay sa kanya.
2. Tayo ay maghahandog ng isang awit sa ating mga panauhin.
3. Ikaw at si Tony ang inatasang magplano ng proyektong ito.
4. Kailangan natin magtulung-tulungan kung nais natin umunlad.
5. Ako ang magiging guro ninyo ngayon dahil may sakit si G. Lucio.

# Susi sa Pagwawasto

## Subukin

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | I | L | A | O | I | K | I | T | A |
| K | A | M | I | H | S | I | L | A | M |
| A | T | K | S | O | T | N | I | Y | A |
| Y | I | A | A | I | H | U | K | O | T |
| O | N | N | I | N | Y | O | A | P | S |
| A | R | Y | L | A | I | A | W | L | I |
| M | S | A | B | T | N | L | M | A | Y |
| I | K | M | W | I | Y | O | A | K | O |
| N | A | O | I | N | O | S | E | I | M |
| D | W | N | N | I | P | A | M | N | K |

| Balikan |
|---|
| Isang araw, habang si Carlo ay nag-aaral ng kanyang leksyon ay nakarinig siya ng mga pag-iingay. Sina Kardo at Manny ay buong katuwaang tinutukso si Nonoy na umiiyak. Nasabit pala ang saranggola ni Nonoy sa tuktok ng puno. Dagling bumaba si Carlo upang kunin ang saranggola. Sina Matet at Menchie na nakakita ay napaindak sa tuwa sa ginawang pag-akyat ni Carlo sa puno. Nagpasalamat ang bata kay Carlo. |

| Pagyamanin Gawain A |
|---|
| 1.mo |
| 2.ko |
| 3.niya |
| 4.ikaw |
| 5.ako |
| 6.tayo |
| 7.nila |

| Pagyamanin Gawain B |
|---|
| 1.una, isahan |
| 2.ikatlo, maramihan |
| 3.una, maramihan |
| 4.ikalawa, isahan |
| 5.ikalawa, maramihan |

| Pagyamanin Gawain C |
|---|
| 1.Siya |
| 2.Ako |
| 3.Sila |
| 4.Kami |
| 5.Kayo |
| 6.Sila |
| 7.Siya |
| 8. Kayo |
| 9.Sila |
| 10.Siya |

| Pagyamanin Gawain D |
|---|
| 1.iyo |
| 2.iyo |
| 3.Ikaw |
| 4.ako |
| 5.Sila |
| 6.sila |
| 7.tayo |
| 8. tayo |

| Isagawa |
|---|
| 1.I,3 |
| 2.M,1 |
| 3.I,3 |
| 4.M,1 |
| 5. I,2 |

| Tayahin |
|---|
| 1.Kami |
| 2.Kayo |
| 3.Siya |
| 4.siya |
| 5.sila |
| 6.Kami |
| 7. kayo |
| 8. kayo |
| 9. ako |

| Karagdagang Gawain | | | |
|---|---|---|---|
| Panghalip | Kailanan | Panauhan | Kaukulan |
| 1.kanya | isahan | ikatlo | paari |
| 2.tayo | maramihan | ikalawa | palagyo |
| 3.ikaw | isah | ikalawa | palagyo |
| 4.natin | mar | una | paari |
| 5.ako | isahan | una | palagyo |

## *Mga Sanggunian:*


Aragon, Angelita L., N.B. Montojo, M.F. Faminiano, M.A. Barza. (1993). Mga Alamat at iba pang mga Kuwento. Tru-Copy Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 LM.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 TG.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Garcia, Florante C. at Priscila J. Anastacia. (2019). Pintig ng Lashing Pilipino 4.SIBS Publishing House, Inc.

Lalunio, Lydia P. at Francisco G. Gil. (2000). Hiyas sa Wika at Pagbasa 4 Manwal ng Guro. LG & M Corporation

https://samutsamot.com/?s=panghalip+panao

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa
pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615